Pangalan _____ Petsa _____

Krusigrama: Mga Salitang Pambalarila

Buuin ang krusigrama gamit ang mga salitang pambalarila na inilalarawan sa susunod na pahina.

© 2016 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____

Krusigrama: Mga Salitang Pambalarila

PAHALANG (Huwag isulat ang gitling ng sagot sa krusigrama.)

2 salitang kumakatawan sa ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar, pangyayari, katangian, o kalagayan

6 bahagi ng pangungusap na binubuo ng mga salitang nagpapahayag tungkol sa paksa ng pangungusap

7 dalawa o higit pang magkarugtong na salita sa isang pangungusap; wala itong simuno at panaguri ngunit ito ay nagpapahayag ng isang diwa

8 nagtuturing sa katangian ng pandiwa, pang-uri, o kapuwa salita na ganito ring uri; nagpapahayag ng ugnayan sa lugar, panahon, paraan, sanhi, antas, o katulad

9 salitang naglalarawan o nagbibigay katangian ng tao, hayop, bagay, lugar, pangyayari, katangian, o kalagayan

10 salitang tumutukoy sa ugnayan ng pangngalan, panghalip, o pariralang pangngalan at iba pa pang elemento ng pangungusap; ito ay laging may layon na pangngalan o panghalip; halimbawa: *ng*, *sa*, *para sa*, *ayon kay*, *tungkol sa*

11 katagang ginagamit sa pagdurugtong ng panuring sa salitang tinuturingan nito; halimbawa: *-ng* o *-g*, *na*

PABABA (Huwag isulat ang gitling ng sagot sa krusigrama.)

1 salitang ginagamit upang pagdugtungin ang magkasunod na salita, sugnay, parirala, o pangungusap; halimbawa: *at*, *ngunit*, *dahil*, *kung*

3 pangkat ng mga salita sa isang pangungusap na may simuno at panaguri

4 binubuo ng salita o pangkat ng mga salita na siyang pinag-uusapan o tinutukoy sa isang pangungusap

5 salita o pangkat ng mga salita na nagpapahayag, nagtatanong, nag-uutos, o nagbubulalas ukol sa isang bagay; nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa bantas

6 salitang ginagamit sa panghalili sa mga pangngalan; halimbawa: *ako*, *siya*, *kayo*, *ito*

8 salitang nagpapahiwatig ng kilos o gawa

© 2016 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____

Krusigrama: Mga Salitang Pambalarila (Mga Sagot)

Ito ang mga sagot sa krusigrama. Nakuha mo ba silang lahat?

	[1] P													
[2] P	A	N	G	N	G	A	L	A	N		[3] S			
	N										U			[4] S
	G				[5] P		[6] P	A	N	A	G	U	R	I
[7] P	A	R	I	R	A	L	A				N			M
	T				N		N				A			U
	N				G		G				Y			N
	I				U		H							O
	G		[8] P	A	N	G	A	B	A	Y				
			A		G		L							
	[9] P	A	N	G	U	R	I							
			D		S		[10] P	A	N	G	U	K	O	L
			I		A									
			W		[11] P	A	N	G	A	N	G	K	O	P
			A											

© 2016 Pia Noche